
## Banghay –Aralin sa Kinder

**May-Akda: Ejang H. Imdani**
**Designation: Teacher I**
**Paaralan: Balas Elementary School**




**I. Layunin**

1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
2. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento
3. Nakikilala ang mga uri ng ibon sa kuwento
4. Nailalarawan ang mga ibon gamit ang salita, parirala, o pangungusap
5. Naipahahayag ang kahalagahan ng masusing pag-iisip upang malutas ang isang problema

**II. Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Isang Mayang Uhaw"
2. ***Kuwento ni:*** Virgilio S. Almario
3. ***Guhit ni:*** Jimmy Torres
4. ***Pagpapahalaga:*** Wastong paggamit ng masusing isip upang malutas ang problema
5. ***Paksa sa Matematika:*** Wastong pagbilang (ordinal number)

**III. Pamamaraan**

**1. Pagganyak**

Pagpapakita ng larawan ng isang maruming ilog.
*T: Ano ang masasabi ninyo sa larawan?*
*Bakit kaya marumi ang ilog?*
*Kayo rin ba ay nagtatapon ng basura sa ilog o dagat? Bakit? Bakit hindi?*

Ipakita ang larawan ng mga bata na nakapila sa canteen.
*T: Ano ang nakikita ninyo sa larawan?*
*Kayo rin ba ay marunong pumila at mag-hintay ng pagkakataon ninyo?*
*Mahalaga ba ang tamang pagpila?*
*Saan-saan tayo kailangang pumila?*
*Kailan tayo kailangang pumila?*

**2. Paghawan ng Balakid**

Sa kuwento natin ngayong araw, kailangan muna nating alamin ang ibig sabihin ng mga sumusunod na salita:

| **Salita** | **Pamamaraan** |
|---|---|
| maliit | pagpapakita ng 2 bagay at paghambingin ang mga ito ayon sa laki (e.g., baso at pitsel) |
| maikli | pagpapakita ng 2 bagay at paghambingin ang mga ito ayon sa haba (e.g., 2 lapis na magkaiba ang haba) |
| mataas | pagpapakita ng 2 bagay at paghambingin ang mga ito ayon sa taas (e.g., 2 bagay sa loob ng silid na nakalagay sa patungang magkaiba ang taas) |

**3. Pagbasa ng Kuwento**

**Laging tandaan ang gagawin kapag may nagbabasa ng kuwento.**
*T: Ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat na ito?*



Copyright © 2017 by Ayala Foundation


*Saan nakatuntong ang ibon? Bakit kaya?*
*Makakainom kaya siya ng tubig sa baso?*
*Ano ang kanyang gagawin upang makainom ng tubig?*

Habang binabasa ang kuwento, magtanong o pahulaan ang maaaring mangyari sa bahaging binabasa. Gamitin ang Interactive Read Aloud sa pagbasa ng kuwento.


4. **Pagkatapos Bumasa**
   a. **Discussion Guide**
      - Ano ang nangyayari sa tubig habang isa-isa niyang inilalagay ang bato sa baso na may kaunting tubig?
      - Bakit tumataas ang tubig sa baso?
      - Bakit nasa ibaba ang bato?
      - Paano nakainom ng tubig si Maya?

   b. **Pangkatang Gawain**

      **Pangkat 1 (Math Center):** Ilagay ang larawan ayon sa pagkasunud-sunod ng mga ibon sa pila




**Pangkat 2 (Art Center):** Pumili ng gustong ibon at kulayan ito.




**Pangkat 3 (Literacy Center):** Isulat ang pangalan ng mga ibon sa name tag. Kung kayo ay gagawa ng bagong ‘ending’ ng kuwento, paano ninyo ito ikukuwento? Isadula ito.

**Pangkat 4 (Social Studies Center):** Paano kayo makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan ng mga anyong-tubig sa paligid? (Isulat ang sagot ng mga bata sa Manila paper.)

## IV. Paglalapat
Bigyan ang bawat grupo ng mga larawang nagpapakita ng mga pangyayari sa kuwento. Idikit ang mga ito ayon sa wastong pagkakasunud-sunod.

## V. Pagpapahalaga
Bakit kailangan nating pag-isipang maigi ang mga desisyong ginagawa?

## VI. Takdang Aralin
Gumuhit ng tatlong ibon na nakita mo na sa inyong barangay o komunidad. Isulat ang pangalan ng mga ito. Ang pagbabahagi ay maaaring gawin sa Morning Circle sa susunod na araw.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation